**Pamagat**: **Ang Biblia at mga Hinaharap na Kaganapan (The Bible and Future Events) – An Introduction**

1. Sa (Lk. 2:14) nakasulat: "Glory to God in the highest, and on earth peace, good will toward men." [Ang isang anghel at ang mga hukbo ng langit ay nagbigay puri sa Dios at nagsabi: "Luwalhati sa Diyos sa kataas-taasan, sa lupa ay kapa-yapaan, sa mga tao ay kaluguran." Ilan na mga siglo ang nakaraan at hindi pa natututpad ang mensahe ng mga anghel?

2. Sa (Matt. 6:10) tinuruan ni Jesus na manalangin ang kanyang mga disipulo: "Thy kingdom come. Thy will be done in earth, as it is in heaven." [Dumating nawa ang kaharian mo. Mangyari nawa ang kalooban mo dito sa lupa gaya ng sa langit.] – Higit na dalawang libong taon na ang nakaraan pero hindi pa sinasagot ng Dios itong prayer request.

3. Sa (Acts 1:11) ang pangako ng Dios na ibinigay sa mga alagad ni Jesus: "Ye men of Galilee, why stand ye gazing up into heaven? this same Jesus, which is taken up from you into heaven, shall so come in like manner as ye have seen him go into heaven." [Kayong mga lalaking taga-Galilea, bakit kayo nakatayo at nakatitig sa langit? Itong si Jesus na dinala sa langit mula sa inyo ay babalik din katulad ng pagpunta niya sa langit na inyong nakita.] – Mahigit nang dalawang "millennia" (sanlibong taon) na binanggit ito ngunit ang pangako ay hindi pa natutupad.

4. Sa (Rev. 22:20a) – Ito ang huling salita ng Panginoong Jesus: "Surely I come quickly. Amen." [Sigurado, ako ay malapit nang dumating. Amen.] – hinihintay pa natin ito at dalawang libong taon na ang nakalipas.

5. Sa (Rev. 22:20b) – Ito ang huling panalangin ng Biblia: "Even so, come, Lord Jesus." [Siya nawa, pumarito ka, Panginoong Jesus.] – tahimik ang langit sa sagot nitong prayer request.

6. Either ang mga pangakong ito at ang mga prayers na ito ay hindi nangangahulugan ng gaya ng kanilang mga sinasabi o ang mga pangyayaring ito ay para sa hinaharap. Wala nang mas tiyak sa buong mundo maliban sa muling pagbabalik ng Panginoong Jesus. Ang hindi lamang tiyak ay ang "timing" at hindi ang katotohanan.

7. Siya ay muling babalik – ito ang nakapangingilabot na pagiisip. Bagamat lumipas na ang dalawang libong taon, mas malapit tayo sa Kanyang muling pagbabalik kay sa noon.

8. Dahil tayo ay nabubuhay sa "mga huling araw" ("last days") napakaraming mga tao ang interesado sa hinaharap pero kulang ang kanilang impormasyon. At dahil dito maraming ang nalilito, at nagkakamali sa kanilang mga conclusions.

9. Maari tayong magpasalamat sa Dios na binigyan Niya tayo ng Kanyang mga salita bilang gabay at liwanag sa ating pagaaral ng Kanyang Pangalawang Pagbabalik at ang katapusan ng mundo. Ang Biblia ay punong-puno ng Prophecy – ¼ ng laman ng Biblia ay prophetic (yun mga natupad na at yun mga hindi pa natutupad). Kaya hindi pwedeng iwasan ang paksa ng Bible Prophecy. Si Jesu-Cristo ang thema ng Biblia, at napakaraming mga Bible Prophecy ang patungkol sa Kanya. At marami ang mga tinuro sa atin ng Panginoong Jesus patungkol sa hinaharap.

10. Ang pagaaral ng Bible prophecy ay may ilang mga pakinabang:
    - A. Mauunawaan mo ang Biblia kung mauunawaan mo ang Bible prophecy. (27% ng Biblia ay prophecy) – ang tao na marunong sa salita ng Dios ay hindi maloloko o madadala ng mundo.
    - B. May pangako ang Panginoon ng "blessing" (Rev. 1:3) "Blessed is he that readeth, and they that hear the words of this prophecy, and keep those things which are written therein: for the time is at hand."
    - C. Ang kaalaman ng Bible Prophecy ay nagdudulot ng ligaya (Jn. 8:56), kapayapaan (Rom.15:4); ginhawa sa gitna ng mga pagsubok (1 Thess. 4:18; Isa. 40:1-2); panguunawa (Dan. 9:1-2); kadalisayan ng moralidad (Rom. 13:11-14; Col. 3:4-5; 1 Jn. 3:1-3); pasensya at pagbabata (2 Cor. 4:17-18); paglilingkod (1 Cor. 15:51-58); wastong pananaw ng kawalang-haggan (2 Cor. 4:17-18); ito ay maaring makapagdulot ng kaligtasan (Matt. 16:26-27); liwanag sa madilim na mundo (2 Pet. 1:19-21) [Kaya't mayroon kaming salita ng propesiya na lalong tiyak. Mabuti ang inyong ginagawa kung ito'y inyong pagtutuunan ng pansin, gaya sa isang ilawan na nagliliwanag sa isang dakong madilim, hanggang sa pagbubukang-liwayway, at ang tala sa umaga ay sumilang sa inyong mga puso.]

11. Ang paksa natin: "Ang Biblia at ang mga Hinaharap na Kaganapan" ay magbibigay pansin sa pitong mga pangunahing kaganapan. (tingnan ang "*The Bible and Future Events Overview*" chart #1).

12. Habang nag-aaral tayo, kung may tanong, paki "messenger" nalang ito or email: mzbmphil@gmail.com.